

“Ang Dios  
dahilkay Cristo  
aypinatawad kayo”

(Efeso 4:32)

Sinulatni:

**Gary at Lynda Miller**

**Mga Awit 86:5** – “Sapagka't Ikaw, Panginoon, ay mabuti, at handang magpatawad, at sa awa ay sagana sa lahat ng tumatawag sa Iyo.”

Sinasabi sa atin ng Banal na Kasulatan na ang Dios ay mabuti, handang magpatawad at magpakita ng Kanyang awa sa lahat ng tumatawag sa Kanya.

Sa pag-aaral na ito ay titingnan natin kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagpapatawad ng Dios sa mga nabubuhay sa kasalukuyang “panahon ng biyaya”, kung saan tayo ay nabubuhay. At atin ding ihahambing ang itinuturo ng Biblia sa pagpapatawad ng Dios “noong nakalipas na panahon”.

**Efeso 3:2** – “Kung inyong narinig ang dispensasyon ng biyaya ng Dios na ibinigay sa akin para sa inyo.”

### **Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan**

**Roma 4:25** – “Na ibinigay dahil sa ating mga pagsalangsang [o kasalanan]...”

**1 Corinto 15:3** – “...kung paanong si Cristo ay namatay dahil at para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan.”

**2 Corinto 5:21** – “Sapagkat Siya na hindi nagkasala ay ginawang may sala dahil sa atin: upang sa Kaniya tayo ay gawing matuwid sa Dios.”

**Galacia 1:4** – “Na ibinigay ang Kaniyang sarili para sa ating mga kasalanan...”

**Isaias 53:10** – “...pagka iyong gagawin ang Kaniyang kaluluwa na handog ukol sa kasalanan...”

### **Ang bahagi ng tao ay sumampalataya**

**Roma 3:22** – “Maging ang katuwiran ng Dios, na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo sa lahat at ukol sa lahat ng sumasampalataya...”

Ang paghihirap ni Cristo ay para sa lahat, o di kaya ay sa kapakanan ng sangkatauhan, ngunit ito ay para lamang sa lahat o ginagawa lamang sa “mga nagsisisampalataya.”

**Efeso 2:8, 9** – “Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya...”

**1 Corinto 1:21** – “...ikinalugod ng Dios na sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral [tungkol sa krus] ay iligtas ang mga sumasampalataya.”

Pagka narinig ng isang tao ang ebanghelyo:

**1 Corinto 15:3, 4** - “...si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, At Siya'y inilibing; at Siya'y muling binuhay sa ikatlong araw ayon sa mga kasulatan.”

At sinampalatayanan ito, kaagad siyang nakakabahagi sa pagpapatawad ng Dios.

### **Pinatawad sa lahat ng mga kasalanan**

**Colosas 2:13** – “At kayo, dahil mga patay sa inyong mga kasalanan, at hindi pagtutuli ng inyong laman, ay Kaniyang binuhay na kasama Niya, sapagkat pinatawad na kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan.”

May dalawang mahalagang katotohanan ang ating matutunan sa talatang ito:

- ang mga banal ay pinatawad na (nakalipas na)
- ang kapatawaran ay sa lahat ng mga kasalanan

Pinatawad tayo ng Dios sa sandaling tayo ay magtiwala kay Cristo at ipinagkakaloob ang Kanyang pagpapatawad sa mga banal. Ang mga banal ay hindi na kinakailangang “muling patawarin pa”.

Ang lahat ng kasalanan ay pinatawad na. Ang paghihirap ni Cristo ay walang iniwan ni isa mang kasalanang hindi nabayaran.

**Efeso 1:7** – “Na sa Kaniya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, ang kapatawaran ng mga kasalanan, ayon sa kayamanan ng Kaniyang biyaya.”

Sinabi ng Dios sa atin na mayroon (pangkasalukuyang panahon) tayong kapatawaran ng lahat nating mga kasalanan.

### **Pinatawad Ayon Sa Biyaya**

Ang Kaniyang pagpapatawad ay nasa atin, “ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya.”

Ang salitang “ayon sa” ay nagsasabi sa atin kung paanong ang isang bagay ay nangyari o naganap. Ang pagpapatawad ng Dios ay “ayon sa kayamanan ng Kaniyang biyaya.”

Ang “biyaya” ng Dios at ang “kayamanan ng Kaniyang biyaya” ay matatagpuan sa mahalagang dugo ni Cristo. Dahil sa Kanyang dugo, kaya ginawa ng Dios ang lubos at kumpletong kabayaran para sa ating kasalanan. Dahil din sa mga kayamanang ito, ang mga mananampalataya ay pinatawad na.

**Roma 5:20** – “Bukod pa dito, ang kautusan ay pumasok, upang ang pagsuway ay sumagana; Ngunit kung saan ang kasalanan ay nanagana, ang biyaya ay higit na sumasagana.”

Pagka ang kasalanan ay sumasagana, ang biyaya ay higit na sumasagana! Ang kayamanan ng biyaya ng Dios ay higit pa sa lalim na pwedeng abutin ng kasalanan. Sinasabi sa atin ni Pablo na laging may saganang biyaya, kaysa sa kasalanan. Hindi lang sagana kundi “lubhang sagana”. Ang mga banal ay dapat na may kumpletong pagtitiwala sa kayamanan ng biyaya ng Dios na higit pang sapat upang gawing lubos at kumpleto ang kapatawaran.

### **Kapatawaran Dahil Kay Cristo**

**Efeso 4:32** - “At maging mabait kayo sa isa't isa, maawain, magpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad ng Dios sa inyo alang-alang kay Cristo.”

Ang pagpapatawad ay natapos na. Dapat mabait kayo, maawain at mapagpapatawad dahil kayo ay pinatawad na.

Ang Dios ay nagpapatawad “dahil kay Cristo,” alang-alang sa Panginoong Jesu-Cristo.

Ang pag-ibig ni Cristo ay nagdala sa Kanya doon sa krus ng Kalbaryo upang magtiis ng matinding hirap at sa wakas ay pasanin ang parusa na ukol sa bawat kasalanan. Si Cristo ay pinawisan ng malalaking patak na parang dugo sa Hardin ng Gethsemane habang siya ay nanalangin sa Ama. Si Cristo ang kusang-loob na nag-alay ng Kanyang buhay upang bayaran ang ating mga kasalanan. Si Cristo ang pinabayaan ng Dios Ama nang Siya ay maging kasalanan at binigyang kasiyahan ang hustisya ng Banal na Dios.

Ang gawa ng krus ang naging kumpletong kabayaran sa kasalanan at ang gawa ay tinapos ni Cristo. Ipinahayag ni Cristo ang Kanyang tagumpay sa krus nang Kanyang sabihin ang mga salitang, “Natapos na!”

Nais ng Dios na lumapit tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya at ililigtas Niya tayo at patatawarin sa lahat nating mga

kasalanan. Tinanggap ng Dios ang pagtubos na ginawa ni Cristo sa Kalbaryo bilang “pangpalubag-loob”, isang kumpleto at ganap na handog. Ang makasalanan ay dapat na sumang-ayon sa pagtaya ng Dios sa ginawa ng Kanyang Anak at sa pamamagitan ng pananampalataya ay maniwala na lahat ng kasalanan ay binayaran nang minsan at magpakailanman.

### **Ang Napakadakilang Gawa**

**2 Corinto. 5:21** - “Sapagkat Kaniyang ginawa Siyang may sala dahil sa atin, Siya na hindi nakakilala ng kasalanan; upang tayo ay maging katuwiran ng Dios sa Kanya.”

Ito ang pinakamagandang trabaho na dapat maranasan ng bawat tao. Inako ni Cristo ang ating kasalanan at ibinigay ang Kanyang katuwiran sa mga sumasampalataya. Ang mga mananampalataya ay ganap na pinatawad at naging lubos na matuwid.

Ang kapatawaran ay pagiging malinis o inalis na ang lahat ng kalikuan. Ang isang tao ay minsan lamang malilinis sa lahat ng kalikuan. Pagka ang paglilinis ay nagawa na, ang taong yaon ay itinuturing na matuwid na. Taglay na ng isang dating makasalanan ang kapatawaran at katuwiran sa sandaling siya ay maligtas.

“Sa dispensasyon ng biyaya ng Dios”, ang kapatawaran ay hindi nakasalalay sa sakripisyo, pagkalumbay, at pagkukumpisal ng kasalanan kundi sa natapos na katotohanan ng biyaya. Ang kapatawaran natin ay kumpleto na sa oras na tayo ay maligtas. “Pinatawad tayo” ni Cristo Jesus ang Tagapagpasan ng kasalanan. Ang pagpapatawad ay hindi resulta ng ating mga nagawa, pakiusap, o pagsasabi nang “Pasensya na,” kundi sa pananampalataya lamang. Ito ay “dahil kay Cristo.” Pinatawad na ng Dios ang mga sumasampalataya sa ebanghelyo alang-alang sa Kaniyang Anak. Ang ating bahagi ay sumampalataya!

Si Pablo kailanma’y hindi nag-utos, o kaya ay nagpayo na ang mga banal ay dapat mangumpisal ng kanilang mga kasalanan sa Panginoon. Ipinahayag ni Pablo ang kumpletong kapatawaran ng mga kasalanan dahil kay Cristo at sa Kanyang tinapos na gawa. Nagbayad si Cristo ng malaking halaga sa pamamagitan ng pagbuhos ng Kanyang mahalagang dugo doon sa Kalbaryo. Ang ating utang na kasalanan ay binayaran Niya ng buo. Sinabi ni Cristo, “Natapos na!” Ang gawain ng pagtubos ay kumpleto na.

Iyong mga nagnanais na dagdagan ng pagkukumpisal at purgatoryo upang makumpleto ang kapatawaran ay dapat na maunawaan at sampalatayan ang lahat ng natapos/ginawa ni Cristo sa Kalbaryo. Ang sinumang nagnanais na dagdagan ang perpektong sakripisyo ni Cristo ay binabawasan ang Kanyang ginawang pagtubos sa krus.

**Galacia 1:4** – “Ibinigay Niya ang Kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan...”

### **Ang Pagpapatawad Ayon kay Apostol Pablo**

**Colosas 1:14** – “Sa Kanya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, maging ang kapatawaran ng mga kasalanan.”

**Colosas 2:13** – “Yamang ipinatawad na lahat ang inyong mga kasalanan.”

**Colosas 3:13** – “...Sapagkat pinatawad kayo ni Cristo, ay gayon din ang inyong gawin.”

**Efeso 1:7** – “...ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya.”.

**Efeso 4:32** – “...gaya naman ng pagpapatawad ng Dios sa inyo alang-alang kay Cristo.”

**2 Corinto. 5:21** - ““Sapagkat Kaniyang ginawa Siyang may sala dahil sa atin: upang tayo ay maging katuwiran ng Dios sa Kaniya.”

**Mga Gawa 13:38, 39** - “Kaya maging hayag nawa sa inyo, mga kapatid, na sa pamamagitan ng taong ito ay ipinangangaral sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan: At sa pamamagitan Niya ang lahat ng sumasampalataya ay itinuring na matuwid sa lahat ng mga bagay, sa mga ito ay hindi kayo mapapawalang-sala sa pamamagitan ng kautusan ni Moises.”

Ipinahayag ni Pablo na ang kapatawaran ay isang kumpletong gawa ng Dios. Ang ating kapatawaran ay tapos na. Ang pakikitungo ng Dios sa Kanyang mga banal ay katulad sa mga taong pinatawad na.

### **Binawtismuhan sa Kamatayan ni Cristo**

Kapag iyong pinaniwalaan ang ebanghelyo ay binabawtismuhan ka ng Dios o kaya ay iniuugnay ka sa kamatayan ni Cristo.

**Roma 6:3** – “Hindi ba ninyo alam, na marami sa atin na nabawtismuhan kay Cristo Jesus ay nabawtismuhan din sa Kaniyang kamatayan?”

**Roma 6:6** - “Nalalaman ninyo ito, na ang ating lumang pagkatao ay kasama Niyang ipinako sa krus, upang ang katawan ng kasalanan ay mawasak, upang mula ngayon ay huwag na tayong maglingkod sa kasalanan.”

**Galacia 2:20** – “Ako ay napako sa krus na kasama ni Cristo; gayunman ako ay nabubuhay, bagama’t hindi ako, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya ng Anak ng Dios, na Siyang umibig sa akin, at ibinigay ang Kaniyang sarili para sa akin.”

Ibinibilang ng Dios sa kamatayan ni Cristo ang isang makasalanan na sumasampalataya. Ang makasalanan ay lalong iniugnay sa kamatayan ni Cristo upang ang lahat ng kagalingan (o kabutihan) ng Kanyang dugo ay maigawad (o maibigay) sa makasalanan. Ang lahat ng kasalanan ay buo at kumpletong inilubog sa naglilinis na dugo ni Cristo.

### **Si Pablo ang Apostol ng Biyaya**

Ipinahayag ni Pablo ang pagpapatawad ng Dios ng ganito:

- \* Ito ay kumpletong gawa ng biyaya ng Dios;
- \* Pag-aari na ito ngayon ng isang sumasampalataya at magpapatuloy na sa Kaniya.

Dahil buo at kumpleto, kasama na ang lahat na nakalipas, sa kasalukuyan at sa darating pang mga kasalanan. Ipinaliwanag ni Pablo kung paanong naging matuwid ang Diyos sa pagbibigay ng gayong kadakila at kumpletong pagpapatawad sa Kanyang mga banal:

- dahil si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan
- dahil sa dugo ni Cristo
- ayon sa kayamanan ng Kanyang biyaya
- alang-alang kay Cristo
- sapagkat si Cristo ay ibinilang na kasalanan dahil sa atin
  - tayo ay ginawang matuwid sa harap ng Dios kay Cristo
  - tayo ay itinuring na matuwid sa lahat ng mga bagay

Si Pablo lamang ang dapat nating puntahan upang malaman ang doktrina ng kapatawaran, sapagkat kay Pablo ipinaalam ng Panginoon ang “dispensasyon ng biyaya.” Dito natin makikita ang “mga hindi malirip na mga kayamanan ni Cristo.” Ipinaalam ng Dios ang mga kayamanang ito kay Pablo upang maipahayag naman niya sa lahat ng tao.

**Colosas 1:25, 26** - “Dahil dito, ako ay ginawang ministro, ayon sa dispensasyon ng Dios, na ibinigay sa akin para sa inyo, upang tuparin ang salita ng Dios; maging ang lihim na itinago sa nakaraang mga panahon at mga lahi: ngunit ngayon ay ipinahayag na sa Kaniyang mga banal.”

**Efeso 3:8** – “Sa akin, na mababa sa pinakamababa sa lahat ng mga banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang ipangaral ko sa mga Hentil ang hindi malirip na mga kayamanan ni Cristo.”

**Efeso 3:1-3** - “Dahil dito, akong si Pablo, isang bilanggo ni Cristo Jesus para sa inyong mga Hentil, Kung inyong narinig ang dispensasyon ng biyaya ng Dios na ibinigay sa akin para sa inyo; Kung paanong sa pamamagitan ng pahayag ay ipinaalam Niya sa akin ang lihim...”

Ang kapatawaran ng kasalanan bago dumating ang dispensasyon ng biyaya ng Dios ay batay sa kautusan ni Moises.

### **Ang Nakaraang Panahon – ang Kautusan ni Moises**

Ang kapatawaran ng kasalanan sa nakalipas na panahon ay ayon sa Kautusan ni Moises. Maraming mga banal ang nagkakamali dahil bumabalik sila sa “nakalipas na panahon” sa kautusan ni Moises para sa kanilang doktrina ng kapatawaran.

Sa kautusan ni Moises ay sinasabi ang mga sumusunod:

**Levitico 5:10** - “At ihahandog niya ang ikalawa para sa handog na susunugin ayon sa alituntunin: at gagawa ang pari ng pagtubos para sa kaniya ukol sa kaniyang kasalanan na kaniyang ipinagkasala, at iyon ay ipatatawad sa kaniya.”

**Levitico 16:21** – “At ipapatong ni Aaron (isang pari) ang kaniyang dalawang kamay sa ulo ng buhay na kambing, at isasaysay sa ibabaw niya ang lahat ng mga kasamaan ng mga anak ni Israel...”

**2 Cronica 7:14** - “Kung ang Aking bayan, na tinatawag sa Aking pangalan ay magpakumbaba at manalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; sa gayon, diringgin ko mula sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang mga kasalanan, at pagagalingin Ko ang kanilang lupain.”

**Daniel 9:20** – “...nagpapahayag ng aking kasalanan at ng kasalanan ng aking bayang Israel...”

Ang kapatawaran ayon sa kautusan ay nangangailangan at nakabatay sa mga sakripisyo, pagpapahayag ng kasalanan, gawain ng mga pari, at iba pa. Sa ilalim ng kautusan, ang kasalanan na hindi ikinukumpisal ay mayroong matinding kaparusahan.

**Mga Awit 66:18** – “Kung pananatilihin ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako pakikinggan ng Panginoon.”

**Levitico 17:10** – “...Aking itititig ang Aking mukha laban sa taong iyon.”



**Mateo 6:15** – “Ngunit kung hindi ninyo ipapatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan.”

Ang kautusan ay programa na may kondisyon, ang pagpapatawad ay nakabatay sa pagsunod ng mga Judio sa kautusan. Kung ang isang Judio ay sumunod, siya ay patatawarin. Ngunit kung hindi siya sumunod, hindi rin siya patatawarin.

### **Ang Gawa ng Kautusan**

Sa pamamagitan ng kautusan, ang Judio ay may kaalaman tungkol sa kasalanan upang panumbalikin siya sa Panginoon sa ikapapatawad ng mga kasalanan, sapagkat iyon ang layunin ng kautusan.

**Roma 3:20** – “Sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkaalam ng kasalanan.”

Ang kautusan ay isinailalim ang mga Judio sa programa ng pagpapatawad tungkol sa mga kasalanan, patuloy na pagkukumpisal at pag-aalay.

Ang Dios, sa pamamagitan ng kautusan, ay binigyan ang mga Judio ng “kamalayan sa mga kasalanan” na magbubunga ng kaparusahan. Ito ang gawa ng kautusan. Ang kaparusahan ay magtutulak sa Kaniya upang ipahayag ang kasalanan at paghahandog ng makasalanan, na ang resulta ay pagpapatawad ng Dios.

**Hebreo 10:1-3** - “Sapagka't ang kautusan na may anino ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang totoong larawan ng mga bagay, kailanman'y hindi maaaring gawing perpekto ang mga lumalapit doon sa pamamagitan ng mga hain na patuloy nilang inihahandog taon-taon. Sapagkat kung hindi gayon, hindi ba dapat itinigil na ang paghahandog niyaon? Dahil ang mga sumasamba na nilinis nang minsan, ay hindi na dapat nagkakaroon ng kamalayan tungkol sa mga kasalanan. Nguni't sa mga handog na iyon, bawat taon ay may pag-alalang muli ng kanilang mga kasalanan.”

Ang mga Judio ay may patuloy na pag-alala ng kasalanan dahil sa dugo ng mga hayop na hindi makalilinis ng kasalanan.

### **Ang Apat na Ebanghelyo – Nakalipas na Panahon**

Ang kapatawaran sa apat na aklat na Ebanghelyo ay ayon din sa kautusan ni Moises.

**Roma 15:8** – “Ngayon sinasabi ko, na si Cristo Jesus ay isang ministro ng pagtutuli dahil sa katotohanan ng Dios, upang Kaniyang pagtibayin ang mga pangakong ibinigay sa kanilang mga magulang.”

Ang ministeryo ni Cristo noong nandito Siya sa lupa ay para sa Israel. Siya ay ministro ng pagtutuli, sa mga Judio.

Ang Panginoong Jesu-Cristo ay naparito bilang isang Judio ayon sa hula at napasakop sa kautusan ni Moises.

**Galacia 4:4** – “Ngunit nang dumating ang takdang panahon, isinugo ng Dios ang Kaniyang Anak, isinilang ng isang babae, ipinanganak sa ilalim ng kautusan.”

Ang kautusan ay umiiral sa buong panahon nang paglilingkod ng Panginoong dito sa lupa.

**Mateo 15:24** – “Ngunit Siya'y sumagot at nagsabi, Hindi ako sinugo kundi, sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ni Israel.”

Ang mga naliligaw na mga tupa ay mga Israelita. Siya ay sinugo para lamang sa kanila. Ang apat na aklat ng Ebanghelyo ay tungkol sa Kanyang ministeryo, ayon sa Kautusan, sa Kaniyang mga nawawalang tupa, ang Israel.

Ang kautusan ni Moises ay naghahari sa panahong iyon at ang kapatawaran ay ayon sa kautusan.

**Mateo 23:1-3** – “Nang magkagayo'y nagsalita si Jesus sa mga tao, at sa Kaniyang mga alagad na nagsasabi, Nakaupo ang mga eskriba at mga Fariseo sa upuan ni Moises. Lahat ng mga bagay na sa inyo'y kanilang ipag-utos ay gawin ninyo at tuparin...”

Tinuturuan ni Cristo ang mga tao na sumunod kay Moises at sa kautusan. Hindi ito ang tagubilin o utos para sa iyo at para sa akin upang sundin.

Ang apat na aklat ng ebanghelyo ay tungkol sa programa ng Dios sa Kanyang bayan na nasa lupa, ang mga Israelita.

### **Ang Kapatawaran Ayon sa Ebanghelyo**

Mali ang katuruang Romano na kunin ang mga katotohanan sa apat na aklat ng ebanghelyo at ituro ito sa panahon ng biyaya.

**Juan 20:23** - “Kanino mang mga kasalanan ang inyong patawarin, ang mga ito ay ipinatawad na sa kanila; at kanino mang kasalanan ang hindi ninyo patawarin, iyan ay hindi ipatawad.”

Ang mga talatang ito ay dapat na unawain sa tama nitong dispensasyonal na kapanahunan. Nagbigay ng awtoridad si Cristo sa Kanyang mga alagad upang magpatawad at huwag magpatawad habang hinihintay ang Kanyang kahariang darating. Ang pagtakwil ng bansang Israel sa kanilang Hari ang naging dahilan upang ipagpaliban ng Dios ang pagtatayo ng Kaniyang kaharian at kasama na ang mga pangako na kaugnay sa kaharian.

Maraming mali sa paggamit ng programa ng kapatawaran na matatagpuan sa Mateo kabanatang 6. Ito ay isinulat para sa Israel habang naghinihintay sa darating na kaharian. Ito ay isinulat para sa mga Judio, at hindi para sa mga nabuhay sa panahon ng biyaya.

**Mateo 6:14** - “Sapagka't kung inyong patawarin ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan. Datapuwa't kung hindi ninyo patawarin ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan.”

Ang doktrina ni Pablo sa pagpapatawad ay nagtuturo sa atin na magpatawad sapagkat tayo ay pinatawad na. Sa panahon ng biyaya ay taglay na natin ang kapatawaran.

### **Ipinako Ito sa Kanyang Krus**

Ang Kautusan ni Moises ay naghari mula nang ibigay ito ng Dios kay Moises sa Bundok ng Sinai hanggang sa ideklara ni Pablo na “ipinako na ito sa Kanyang krus.” Ang kautusan ay winakasan na sa krus hindi ito ipinaalam ng Dios hanggang ipahayag kay Pablo. Mababasa natin ang pagkamatay ng kautusan ayon kay Pablo.

**Colosas 2:14** - “Na binura ang sulat-kamay ng mga ordinansa (ang kautusan ni Moises) na laban sa atin: at inalis niya ito, at ipinako iyon sa Kaniyang krus.”

**Roma 10:4** – “Sapagka't si Cristo ang wakas ng kautusan sa ikatutuwid ng lahat ng sumasampalataya.”

Idineklara ng Dios na ang kautusan ay tapos na, kasama na ang may kondisyon na programa ng pagpapatawad, dahilan sa krus. Ang dugo ni Cristo ang siyang pumawi sa kautusan na hindi ayon sa atin.

Sa pamamagitan ni Pablo ay ipinahayag ng Dios ang wakas ng paghahari ng kautusan at ang simula ng paghahari ng biyaya.

**Roma 5:21** – “Kaya’t, kung paanong ang kasalanan ay naghari hanggang sa kamatayan, gayon din naman ang biyaya ay naghahari dahil sa katuwiran hanggang sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.”

Ang biyaya ng Dios, hindi ang kautusan, ang siyang naghahari sa dispensasyon ng biyaya ng Dios.

**Roma 6:14** – “Sapagka't ang kasalanan ay hindi na maghahari sa inyo: sapagka't wala na kayo sa ilalim ng kautusan, kundi nasa ilalim ng biyaya.”

**Roma 3:21, 22** –“Subalit ngayon ang katuwiran ng Dios ay inihayag ng hiwalay sa kautusan, na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta; maging ang pagiging matuwid sa harap ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus sa lahat at sa kanilang lahat na sumasampalataya.”

Sa paggamit ni Pablo ng mga salitang “ngunit ngayon”, may ipinakikitang pagbabagong naganap. Dati ang mga bagay ay nasa ilalim ng kautusan, “ang panahong lumipas”; “ngunit ngayon” sa ilalim ng biyaya ay ibang-iba. Dapat nating kilalanin ang mga pagbabago sa mga pamamahala ng Dios mula sa “panahong nagdaan” at iyong “ngunit ngayon” kung gusto nating maunawaan ang kapatawaran natin.

**Mga Gawa 13:38, 39** - “...na sa pamamagitan ng taong ito ay ipinangangaral sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan: At sa pamamagitan Niya ang lahat ng sumasampalataya ay itinuring na matuwid sa lahat ng bagay, na sa mga ito ay hindi kayo aariing-ganap [o pawawalang-sala] sa pamamagitan ng kautusan ni Moises.”

Dito sinasabi ni Pablo na sa pamamagitan ni Cristo ay ipinangaral “ang kapatawaran ng mga kasalanan” na sa pamamagitan nito ay itinuring tayong matuwid sa lahat ng mga bagay. Ang kautusan ay hindi makapag-aaring ganap sa sinuman mula sa lahat ng mga bagay.

### **Ang Gawang Biyaya**

Sa ilalim ng biyaya, ang Dios ay gumagawa sa konsyensya ng mga mananampalataya upang patuloy silang paalalahanan tungkol sa dakilang gawa na tinapos ng Dios sa pagbibigay ng Kanyang Anak, na nagresulta sa kumpletong kapatawaran natin. Ang konsyensya ng mananampalataya ay hindi dapat magdala sa kanya sa Dios upang humingi ng karagdang kapatawaran, sa halip dapat siyang dalhin nito sa Dios upang magbigay ng papuri at pagpapasalamat sa Kanyang kumpletong ginawa.

Ang mga mananampalataya ay dapat na wala ng karagdagang pagkabahala [o konsensya] sa mga kasalanan na magiging daan sa pangangailangan ng patuloy na kapatawaran; ito ay ayon pa sa programa ng kautusan katulad ng mababasa natin sa Hebreo 10:1, 2.

### **Ang Bunga ng Kapatawaran**

Ang pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng pamamahala/dispensasyon ng Dios ay dapat na may bunga.

**Mateo 9:2** – “...at nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi Niya sa lumpo, Anak, magalak ka; ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na.”

Mabuting kasiyahan ng isang tao ang dapat na maging bunga sa pagsampalataya sa katotohanan ng kapatawaran niya.

Ang doktrina ng biyaya ay hindi lamang sa pagkaalam; kundi ang layunin nito ay magbunga ng tuwa at kagalakan sa ating mga puso.

**Roma 15:13** - “Ngayon ang Dios ng pag-asa ay puspusin kayo ng lubos na kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya...”

Ang mananampalataya, na nabubuhay sa dispensasyon ng biyaya ng Dios, ay dapat na mapuno ng tuwa at kagalakan.

Sinagot ni Pablo ang mga naniniwala na ang kanyang katuruan ay magiging daan para magpatuloy sa kasalanan.

**Roma 6:1, 2** - “Magpapatuloy ba tayo sa kasalanan, upang ang biyaya ay sumagana? Bawal ‘yan sa Dios...”

Hindi kalooban ng Dios na abusuhin ng mga mananampalataya ang Kanyang kumpletong pagpapatawad. “Hindi nawang mangyari” ang sasabihin ng Dios sa isang banal na gustong abusuhin ang Kanyang biyaya.

Si Pablo, bago siya maligtas, ay inilagay ang sarili bilang pinuno ng paglaban ng tao sa Dios at sa mananampalatayang Israelita. Si Pablo ay isang mamamatay-tao, taga-usig ng iglesia at ng kaharian ng Dios. Binanggit ni Pablo na siya mismo ang pinuno ng mga makasalanan.

**1 Timoteo. 1:15** – “ si Cristo Jesus ay naparito sa sanlibutan upang ilitas ang mga makasalanan; sa mga ito ay ako ang pinuno.”

Ang kaalaman ni Pablo tungkol sa kumpleto at ganap na pagpapatawad ng Dios ang nagpalaya sa kanya upang kondenahin ang sarili at sa

kalumbayan na nagmumula sa kabigatan ng kanyang kasalanan upang maglingkod sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Filipos 3:13, 14** - “Mga kapatid, hindi ko ibinibilang ang aking sarili na naabot na: ngunit isang bagay ang ginagawa ko, nililimot ko na ang mga bagay na nasa likuran, at pinagsisikapang makamtan ang mga bagay na hinaharap, nagpapatuloy ako tungo sa hanggahan para sa gantimpala ng pagtawag ng Dios sa kaitaasan kay Cristo Jesus.”

Pwedeng awitin ni Pablo ang maiksing kantang ito na inaawit ng mga bata sa Bible club.

*Wala, wala, wala,  
Ang aking mga kasalanan ay wala na  
Ngayon ang aking kaluluwa ay malaya na  
at ang aking puso ay may awit  
Inilibing sa ilalim ng dagat  
Oo, ito ay sapat na sa akin  
Mabubuhay ako magpakailanman  
Purihin ang Dios, ang aking mga kasalanan ay WALA, wala na*

Alam ni Pablo na ang mahalagang dugo ni Cristo ang siyang naging kumpletong kabayaran sa “lahat ng pagsalangsang” at ang kaalamang ito ang nagpalaya sa kanya mula sa “kapangyarihan ng kasalanan” upang maglingkod kay Cristo.

Ang kapangyarihan na nagmumula sa kaalaman na tayo ay lubos na pinatawad na ay lalong dakila kaysa kapangyarihan ng kasalanan. Kailangan ng mga banal ang kapangyarihang ito.

**1 Corinto 15:10** – “Dahil sa biyaya ng Dios, ako ay naging ako; at ang Kaniyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan; bagkus ako ay nagpagal ng higit kaysa kanilang lahat: bagamat hindi ako, kundi ang biyaya ng Dios na sumasa akin.”

**Filipos 1:21** – “Para sa akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang.”

Pagkatapos mabago ang buhay ni Pablo, nagpatuloy siya sa isang buhay na hindi makasarili, ang paglilingkod para sa kaniyang Panginoon. Tiniis niya ang mga kahirapan, pag-uusig at ang pagkawala ng lahat ng mga bagay. Ito ang hangarin ng pagpapatawad ng Dios na gagawin sa buhay ng isang mananampalataya, palayain siya upang maglingkod sa Kaniya.

**Ang katuruan ni Pablo sa mga nagkakasalang banal**

Ito ang sinulat ng mang-aawit:

**Mga Awit 119:11** - “Ang Iyong salita ay itinago ko sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa Iyo.”

Ito ang dakilang proteksyon ng Diyos at kaloob para sa isang buhay na matagumpay laban sa kasalanan.

Ang mananampalataya, na nabubuhay sa panahon ng biyaya, ay tinuturuan na sumampalataya at kumilos sa katotohanan na isinulat ng Dios sa **Roma 6:11-13**: “Gayon din naman kayo, ibilang ninyo ang inyong mga sarili na totoong patay na sa kasalanan, nguni’t buhay sa Dios kay Cristo Jesus na ating Panginoon. Kaya hindi dapat maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang inyong sundin ang mga masasamang hilig niyaon. Huwag ninyong ibigay ang inyong mga sangkap bilang instrumento ng kalikuan tungo sa kasalanan: kundi isuko ninyo ang inyong sarili sa Dios, na tulad sa nabuhay ng muli mula sa mga patay, at ang inyong mga sangkap bilang kasangkapan ng katuwiran sa Dios.”

Ang tanging lunas para sa isang nagkakasalang banal ay pananampalataya. Paniwalaan ang doktrina tungkol sa lumang pagkatao. Ito ay patay na! Inilibing na! Paniwalaan ang sinabi ng Dios. Ang pagtatagumpay laban sa kasalanan ay ang kaalaman sa dakilang katotohanang ito tungkol sa “lumang pagkatao.” Ang pakikipaglaban sa lumang pagkatao ay napagtagumpayan na ni Cristo at ang ating pagkakaugnay sa Kanya. Kaya, kung paanong kailangan para sa isang mananampalataya na sumang-ayon sa Dios tungkol sa pagkamatay ng lumang pagkatao, kailangan ding ibilang ang ating mga sarili na “buhay sa Dios.” Ituon mo ang tingin sa positibo! Ang mananampalataya ay ibinangon na sa “panibagong buhay.”

Ito ay makapangyarihang mga katotohanan na may kakayahan at makapag-iingat sa mananampalataya mula sa kasalanan at madaling makapagpapanumbalik sa kanya mula sa kasalanan. May maliit na salita kung saan nakasalalay ang lahat ng ito. Sa **Roma 6:12**, “hayaan”, ang kaisipan ay dapat na nagnanais na gamitin ang doktrina na alam nating totoo. Pagka ang mananampalataya ay lubos na nabighani o naakit ng “pag-ibig ni Cristo”, na kumpletong ipinakita sa krus ng Kalbaryo, doon lamang niya isusuko ng buong galak ang kaniyang buong pagkatao na instrumento ng katuwiran.

**Roma 12:1** - “Kaya nga, aking hinihiling sa inyo, dahil sa mga kawaan ng Dios, na inyong ihandog ang inyong mga katawan na isang buhay na alay, banal, katanggap-tanggap sa Dios, ito ang inyong totoong paglilingkod.”

Ang ating kaisipan, na pinakikilos ng kaalaman tungkol sa dakilang mga doktrina ng biyaya ay pinalalakas ng Banal na Espiritu upang naisin at gawin ang mga bagay na kalugod-lugod sa Dios.

**Filipos 2:13** – “Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo upang ibigin at gawin ang Kaniyang mabuting kagustuhan/kasiyahan.”

Magagawa ng mananampalataya na, “kapootan ang masama; kumapit sa mabuti,” kung siya dahil sa pananampalataya ay paniniwalaan ang doktrina ng Roma kabanatang 6 at hahayaan ang pag-ibig ni Cristo na kumilos at pumilit sa kanya na mabuhay para sa Kaniya.

### **Huwag liliko**

Sa Lumang Tipan, iniutos ng Dios sa mga Israelita na manatiling totoo sa Kanyang mga salita at huwag iiwan ang mga iyon.

**Deuteronomio 5:32** – “Kaya nga, Inyong isagawa gaya ng iniutos sa inyo ng PANGINOON ninyong Dios: huwag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa.”

Papaano nalaman ng mga Israelita kung ano ang ipinag-uutos ng Dios sa kanila? Ang sagot ay matatagpuan sa tao ng Dios na kanyang sinugo para maging tagapagsalita Niya. Alam nila na sinugo ng Dios si Moises, at kailangan na sundin nila si Moises! Kapag kanilang sinunod si Moises ay sinusunod nila ang Dios. Ang lumiko sa kanan o sa sa kaliwa sa kautusan ni “Moises” iyan ay “paglayo sa Dios.”

Sinabi ni Jesus sa **Juan 13:20** – “Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang tumatanggap sa sinumang sinugo Ko ay tinatanggap ako; at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap ang nagsugo sa Akin.”

Sinugo ng Dios si Moises sa Israel at hindi sya tinanggap ng mga Israelita. Sila ay lumiko sa kaliwa at sa kanan. Ang pagsuway ng mga Israelita ay naging dahilan sa pagpako sa Panginoon, at inihiwalay ng Dios ang Israel.

Kung paanong sinugo ng Dios si Moises sa Israel, ay sinugo naman Niya si Pablo sa mga Hentil.

**Roma 11:13** – “Datapuwa't nagsasalita ako sa inyong mga Hentil. Palibhasa’y ako ang apostol ng mga Hentil, dinadakila ko ang aking ministeryo.”

Ang iglesia sa kabuuan ay hindi tinanggap si Pablo bilang apostol ng Dios sa mga Hentil, sa halip, pinili nila ang sumunod sa programa ng kautusan at ang para sa panglupang ministeryo ni Jesus para sa Israel (ang apat na ebanghelyo). Nagkaroon ng kaguluhan, hindi dahil ang iglesia ay



tinalikdan ang salita ng Dios, kundi iniwan ng iglesia si Pablo. Hindi ang Dios ay may gawa ng kaguluhan.

Ang iglesia ay iniwan si Pablo at naparoon sa kanan at sa kaliwa. Ang iglesia ay pinaghalo ang kautusan at biyaya sa ganoong antas anupat ang kaluwalhatian ng alinman sa dalawang pamamahala ng Dios ay hindi na makita ng malinaw.

Ang iglesia ay pumunta sa kaliwa ng mga sulat ni Pablo patungo sa kautusan ni Moises. Simula nang buuin ng Dios ang bansang Israel at ibigay sa kanila ang kautusan hanggang sa huling bahagi ng apat na ebanghelyo, ay makikita natin dito ang salita ng Dios tungkol sa kanyang bayan sa lupa – Israel. Ang iglesia ay pumunta rin sa kanan ng mga sulat ni Pablo patungo sa mga aklat ng mga Hebreo hanggang sa aklat ng Pahayag. Ang mga ito ay patungkol din sa Israel. Ang taimtim na pagsisiyasat ng **Galacia 2:6-9** ay magbibigay sa atin ng kaliwanagan sa kaguluhan tungkol sa kung sino ang pinuntahan o tinuruan ni Santiago, Pedro at Juan na dala ang kanilang ebanghelyo ng pagtutuli.

**2 Timoteo. 2:15** – “Mag-aral ka upang iyong maiharap ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Dios, isang manggagawa na walang dapat ikahiya, na hinahati ng tama ang salita ng katotohanan.”

Inutusan tayo ni Pablo na “hatiin ng wasto” [sa English ay “rightly divide”] o hatiin ng matuwid ang mga kasulatan. Kailangan nating ihiwalay ang kautusan sa biyaya. Ang paghaluin ang mga ito ay makakahadlang sa isang banal upang magkaroon ng kagalakan at kapayapaan, na ang magiging resulta ay ang kaunawaan na sya ay ganap ng pinatawad.

Ang iglesia, ang katawan ni Cristo, ay makikita ang kanyang doktrina sa mga sulat ni Pablo kung saan ito inilagay ng Dios para sa atin.

**2 Timoteo 1:13** – “Hawakan mo ng matibay ang anyo ng magagaling na salitang narinig mo sa akin (Pablo), sa pananampalataya at pag-ibig na na kay Cristo Jesus.”

**2 Timoteo 2:7** - “Pag-isipan mo ang sinasabi ko (Pablo); sapagka't ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng pagkaunawa sa lahat ng mga bagay.”

**Efeso 4:32** – “At maging mabait kayo sa isa't isa, mahabagin, magpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad ng Dios sa inyo alang-alang kay Cristo.”

Magalak kayo, ang inyong mga kasalanan ay pinatawad na!

(Note: Please insert and edit the **Bible Time Line** on this page)

07-15-15 Web - Filipino Tagalog How To Study PRINTABLE - Copy.pdf - Adobe Acrobat Reader DC

File Edit View Window Help

Home Tools 07-15-15 Web - Fil... x

3 / 18 65.5%

(BLANKO)

2

**Kapanahunang Panukat ng Bibliya**

**Pamahong Nakaraan** Efeso 2:11, 12

**Pamahong Darating** Efeso 2:7

**Pero Ngavon** Efeso 2:13

**Hiwaga**

**Sanggunian**

Abraham → David → Juan Jesu Cristo  
 Moyses → Bautista → Pedro → Pablo

Israel → Ebanas → Trono → Kapahintulan ng Biyaya Pinesistulan → 7 taong Kabarian Pahayag 20:11  
 Nig Israel → Kabarian → Kabarian Inangalihan, Roma 11:25 → Kapighatian 1000 taon  
 Himalaan → Inalak → Ebongbeyo ni Pablo para sa kapawa Hudyo & Grenil  
 Daniel 2:44 → Mateo 3:2 & Inakuwil → Isang Katawan ni Cristo → Palatuntunan ng Israel  
 Roma 5:8 → "Cristo namatay para sa atin" → **Muhing Pasimulan**  
 Efeso 2:8,9 → "Dahil sa biyaya ikaw ay naligtas sa panamagitan ng pananampalataya"

Heneisis - Juan → Mga Gawa → Roma - Filemon → Mga Hebreo - Pahayag

**Ang Panginoon Jesu Cristo** → **Layo ay nakatira sa** → **Si Pablo ay ating apostol**  
 at ating Pangangidlat → **Pamahong ng Biyaya** → Roma 11:15  
 1 Timoteo 1:15

Ang babasahing ito ay ipinamamahagi sa inyo ng inyong mga kapwa mananampalataya na bahagi ng Katawan ni Cristo na nagmula sa **Grace Harbor Church** ng Arlington Heights, Illinois.

**847-640-8422**

Kung nakatulong sa inyo ang booklet na ito at gusto pa ninyong malaman ang iba pang nakamamanghang biyaya ng Dios, at ang lahat ng ginawa Niya para sa inyo, tingnan ang aming website sa:

**[www. grace-harbor-church.org](http://www.grace-harbor-church.org)**

Doon ay makikita ninyo ang iba pang materyales para sa mga bata at mga matanda katulad ng mga pag-aaral sa Biblia, at ang mga “recording” ng aming mga pag-aaral mula sa Biblia tuwing araw ng linggo.

“At maging mabait kayo sa isa't isa, mahabagin, magpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad ng Dios sa inyo alang-alang kay Cristo.”

Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores**,  
Board of Elders' Chairman ng **In Christ Grace Community Church**  
– Labo, Camarines Norte, Philippines.

Ang **Kapanahunang Panukat ng Biblia** (Bible Timeline)  
ay isinalin sa Tagalog ni **Sis. Merlinda Barry Gehrich** - Indiana, USA.